# Paghingi ng Tulong para sa Iyong Bayarin

## Buod ng Patakaran sa Tulong Pinansyal ng Texas Health

Ang Texas Health Resources at ang mga entidad na may kaugnayan sa kanila ay nag-aalok ng tulong pinansyal sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pinansyal ng Texas Health (Texas Health Financial Assistance Policy). Maaaring naaangkop ito sa sinumang tumatanggap ng mga serbisyo ng ospital, urgent care, o provider na doktor mula sa ospital na may kaugnayan sa Texas Health o iba pang saklaw na entidad. Ang Patakaran sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy), Aplikasyon sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Application), at Buod sa Payak na Wika (Plain Language Summary) ay makukuha sa Ingles at Espanyol, at iba pang mga wika kung kailangan. Ang Tulong Pinansyal ng Texas Health ay naaangkop sa mga bayarin mula sa ospital na ganap na kontrolado na may eksemsyon sa buwis at iba pang mga entidad/affiliate gaya ng inilalarawan sa Kalakip C ng Patakaran sa Tulong Pinansyal ng Texas Health.

### Paano Ako Magiging Kuwalipikado para sa Tulong Pinansyal?

Maaari kang humingi ng tulong para sa iyong bayarin anumang oras sa panahon ng iyong pamamalagi sa ospital o sa panahon ng proseso ng paniningil. Pagpapasyahan namin kung magkano ang kailangan mong bayaran sa pamamagitan ng pagrerepaso sa kita, mga asset, o iba pang mga mapagkukunan. Kung ang iyong taunang kita ay mas mababa sa o katumbas ng 250% ng kasalukuyang Pederal na Pamantayan sa Kahirapan (Federal Poverty Guideline), maaari kang tumanggap ng ilang pinansyal na tulong.

Ang mga Pederal na Pamantayan sa Kahirapan ay matatagpuan sa: **http://aspe.hhs.gov/poverty/index.cfm.**

Maaari kang maging kuwalipikado sa lahat o bahagi ng iyong bayarin sa ospital, urgent care, o doktor/provider. Ang tulong ay nakabatay sa sliding scale na nagsasaalang-alang sa iyong tauhang kita, laki ng pamilya, at mga mapagkukunang mayroon.

### Paano Ako Makakapag-apply para sa Tulong Pinansyal?

Para makakuha ng kopya ng Aplikasyon sa Tulong Pinansyal o Patakaran sa Tulong Pinansyal, pumunta sa: **texashealth.org/Costs-and-Billing/Financial-Assistance**

Sa webpage na ito, mayroon ding link para mag-apply online sa pamamagitan ng aming portal na MyChart.

Maaari ka ring kumuha ng mga libreng nakaimprentang kopya. Humingi ng mga libreng kopya sa pamamagitan ng koreo o makatanggap ng tulong sa personal na pag-apply sa anumang ospital ng Texas Health sa departamento ng pagtanggap ng pasyente, Texas Health Physician Clinic, o sa pamamagitan ng pagbisita sa Central Business Office (sa pamamagitan ng appointment lamang). Maaari kang tulungan ng aming Customer Service Department (Departamento para sa Serbisyo sa Kustomer) sa pag-iskedyul ng appointment o tulong sa anumang mga katanungan tungkol sa Patakaran sa Tulong Pinansyal o sa proseso ng aplikasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa 800.890.6034.

### Mga Dokumento

Responsibilidad mong magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong mga benepisyong pangkalusugan, kita, mga asset, at anumang iba pang dokumentong makakatulong sa pagpapakitang kuwalipikado ka. Maaaring kasama sa mga dokumento ang mga pahayag ng bangko, form ng buwis sa kita, mga stub ng suweldo o iba pang impormasyon.

### Pang-emerhensya at Medikal na Kailangang Pangangalaga sa Ospital

Kung kuwalipikado ka para sa tulong sa iyong bayarin, hindi ka sisingilin ng higit pa para sa pangangalagang pang-emerhensya o medikal na kailangan kaysa sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga taong may coverage para sa parehong uri ng pangangalaga. Upang malaman ang mga halaga na karaniwang sinisingil, ginagamit namin ang pamamaraang pagbabalik-tanaw (inihahambing namin ang halagang binabayad ng mga pasyenteng may coverage at ang kanilang mga kumpanyang nagbibigay ng coverage sa nakaraang taon).

### Mga Aktibidad ng Pagkolekta

Ang mga bayaring hindi nabayaran sa loob ng 120 araw mula sa petsa ng paglabas ng pasilidad ay maaaring mailipat sa labas ng ahensyang tagapagkolekta. Ikaw o ang iyong garantor ay maaaring mag-apply para sa tulong sa iyong bayarin sa anumang oras sa panahon ng proseso ng pagkolekto sa pamamagitan ng pagkolekta sa Customer Service sa **800-890-6034**.

Texas Health®

Ang seksyong ito ay tungkol lamang sa mga Serbisyo ng Ospital. Sa pangkalahatan, hangad ng Texas Health Resources (THR) na mabawi ang mga singil para sa mga bilihin at serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga ikatlong partidong pinagmumulan ng kabayaran na ayon priyoridad ng kung saan unang makukuha ang mga ito at na nararapat na gawin ito alinsunod sa pagtatalaga ng mga benepisyong ibinigay ng pasyente sa oras ng pagkakatanggap sa pasilidad. Para sa medikal na paggamot na kinakailangan dahil sa Aksidente sa De-motor na Sasakyan (Motor Vehicle Accident o MVA), ang panig na nagdulot ng mga pinsala (o ang may pananagutan dito) ang may pangunahing legal na responsibilidad para sa pagbabayad ng mga medikal na bayarin ng biktima ng aksidente. Kung ihahambing, karaniwang pumapangalawa ang coverage sa kalusugan (kabilang ang planong pangkomersyo, inisponsor ng employer, o pampamahalaan) maliban kung may obligasyong naaayon sa kontrata o batas na babago sa priyoridad na iyon. Patakaran ng THR ang awtorisahan ang mga kinatawan ng pasyente na gamitin ang mga elektronikong sistema ng suportang pinansyal at mga file ng kaso ng THR kapag kasabay na pinag-aaregluhan ang mga singil ng THR at ang mga singil sa may pananagutan sa pamamagitan ng mutwal na kasunduan. Hindi inaawtorisahan ang access o paggamit sa mga sistema at file na iyon kung walang karaniwang layunin para sa mga pagbawi ng kabayaran na kinabibilangan ng mga claim ng THR. Susunod ang Texas Health Resources sa napapanahong paniningil ng insurance na pangkalusugan gaya ng iniaatas ng Batas ng Texas, ngunit ginagawa ito nang walang pangangambang maaapektuhan ang kanilang claim laban sa may pananagutan sa MVA para sa pangunahing kabayaran sa mga claim.

Nagsasagawa ng propesyon ang mga doktor na kabilang sa mga medikal na tauhan na hindi mga doktor o provider ng Texas Health Physician Group at hindi sila mga empleyado o ahente ng mga Ospital ng Texas Health o Texas Health Resources.